OMB Control Number 3245-0418

Petsa ng Pagkawalang Bisa: 08/31/2024

178 – Tagalog - Tagalog

# Deklarasyon ng Pagnanakaw ng Pagkakakilanlan ng United States Small Business Administration

Punan ang form na ito kung kailangan mong iparepaso sa U.S. Small Business Administration ang isang di-bayad na loan o kaloob para sa pagnanakaw ng pagkakakilanlan. Bago magsimula, pakitandaan na kailangan ang isang nakasulat-kamay na lagda para sa deklarasyon na ito, pati na ng mga kalakip (attachment).

Kusang-loob ang pagbigay ng impormasyon sa form na ito. Gayunpaman, kung hindi mo ibibigay ang impormasyon, maaaring mas mahihirapan na matulungan ka sa pagresolba sa problema mo sa pagnanakaw ng pagkakakilanlan. Para sa mga Deklarasyon ng Pagnanakaw ng Pagkakakilanlan na nauukol sa direktang pisikal at pang-ekonomiya na disaster loan ng SBA, gaya ng COVID Economic Injury Disaster Loans (EIDL), ipadala ang napunan na form sa pamamagitan ng email sa: IDTheftRecords@sba.gov. Para sa Mga Deklarasyon ng Pananakaw ng Pagkakakilanlan kaugnay ng mga loan sa Paycheck Protection Program (PPP), ipadala ang napunan na form sa pamamagitan ng email sa: PPPidtheftinquiries@sba.gov.

## Seksyon A – Lagyan ng tsek ang kahon sa ibaba na nalalapat sa sitwasyon na inuulat mo

☐ Isinusumite ko ang Deklarasyon na ito para sa sarili ko bilang isang sole proprietor/indibidwal o bilang awtorisadong kinatawan para sa negosyong may pangalan na ________________________________.[1]

☐ Isinusumite ko ang Deklarasyon na ito sa ngalan ng anak kong menor-de-edad (o ako ang tagabantay (guardian) ng menor-de-edad).[2]

☐ Pumanaw na ang biktima ng pagnanakaw ng pagkakakilanlan, at isinusumite ko ang Deklarasyon na ito bilang naiwan na asawa, Personal na Kinatawan na Itinalaga ng Korte, Tagapagpatupad (Executor), o Administrador.[3]

☐ May kapansanan ang biktima ng pagnanakaw ng pagkakakilanlan, at isinusumite ko ang Deklarasyon na ito bilang Power of Attorney, Tagabantay na Itinalaga ng Korte, o Conservator.[4]

## Seksyon B – Impormasyon sa pagkontak sa Kinatawan, Conservator, Magulang o Tagabantay[5]

Apelyido ng Kinatawan: ________________________________ Unang Pangalan: _______________

Kasalukuyang Pahatirang Sulat (Mailing Address): _________________________________________

Lungsod: _____________________ Estado: __________ ZIP Code: ______________

Numero ng Telepono: ______________________Alternatibong Numero ng Telepono: ____________

Email address: ________________________________________________________________________

**Seksyon C – Pangalan at impormasyon sa pagkontak ng Biktima ng Pagnanakaw ng Pagkakakilanlan**

Apelyido ng Biktima:___________________________________Unang Pangalan: ________________
Numero ng Social Security (Pakibigay ang 9-digit na Numero ng Social Security): _______________
Kasalukuyang Pahatirang Sulat (Mailing Address): ________________________________________
Lungsod: ______________________ Estado: ________________ Zip Code: ___________________
Numero ng Telepono:______________________Alternatibong Numero ng Telepono: ____________
Email address: _______________________________________________________________________

**Punan kung naaangkop:**
Pangalan ng Negosyo ng Biktima: _______________________________________________________
(Mga) Pangalan ng (Mga) May-ari ng Negosyo: ____________________________________________
Taxpayer Identification Number (EIN, TIN, o ITIN): _______________________________________
Kasalukuyang Pahatirang Sulat (Mailing Address) ng Negosyo: ______________________________
Lungsod: ______________________ Estado: ________________ ZIP Code: ___________________

**Seksyon D – Deklarasyon**

*Pakirepaso nang mabuti ang impormasyon na ibinigay mo sa form na ito. Pagkatapos ay repasuhin ang pahayag na ibinigay sa ibaba, at kung naaangkop, lagdaan at petsahan sa mga ibinigay na field.* ***Pakitandaan*** *kailangan mong lagdaan nang sulat-kamay ang deklarasyon na ito. Hindi tatanggapin ang mga elektronikong lagda. Kung kailangan ng karagdagang espasyo para sa alinmang item, maglakip ng mga karagdagang pahina.*

Ako si, ____________________________, na nananahan sa _________________________________ ay idinedeklara rito nang may kaparusahan sa pagsisinungaling sa ilalim ng panunumpa ang mga sumusunod:

**Pakilagyan ng tsek at punan nang naaangkop:**

☐ Noong o humigit-kumulang noong _________________, isinasaad ko na may taong gumamit ng impormasyon na nakatutukoy sa pagkatao (personal identifying information, PII) ko o impormasyong nakatutukoy sa negosyo ko nang walang pahintulot o kaalaman ko para makakuha ng (mga) loan na gamit ang pangalan ko mula sa U.S. Small Business Administration o mula sa isang Nagpapahiram ng PPP. Pakisama ang anumang nalalamang impormasyon tungkol sa loan (ang (mga) loan o application number, (mga) halaga o anumang iba pang detalye).

_______________________________________________________________________________
_______________________________________________________________________________
_______________________________________________________________________________
_______________________________________________________________________________
_______________________________________________________________________________

☐ Ihayag kung paano mo nabatid na ginamit ang pagkakakilanlan mo para makuha ang (mga) loan na ito:

_______________________________________________________________________________
_______________________________________________________________________________
_______________________________________________________________________________
_______________________________________________________________________________

- [ ] Kinukumpirma ko na hindi ko hiniling ang loan (o ng negosyo ko) maging binigyan ng awtorisasyon ang sinuman na magsumite ng aplikasyon para sa akin (o negosyo ko).

- [ ] Kinukumpirma ko na wala akong ginamit na pera ng loan (o ang negosyo ko) o pinakinabangan o anumang iba pang layunin na maaaring makinabang ako (o negosyo ko).

- [ ] May nalalaman ka bang iba pang paggamit sa pagkakakilanlan mo para makahiram ng anumang iba pang pera, kabilang ang pagkuha ng mga credit card, o para mag-file ng pang-estado o pederal na income tax return, kung oo, pakilarawan ito:

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

- [ ] **Kinakailangan mong ilakip at ipadala kasama ng form na ito ng opisyal na kopya ng police report o isang opisyal na ulat na inihain sa isang ahensya sa pagpapatupad ng batas pederal gaya ng FTC, FBI o United States Secret Service kaugnay ng bagay na ito.**

- [ ] **Kinakailangan mong ilakip at ipadala kasama ng form na ito ng kopya ng isang balidong lisensya sa pagmamaneho, U.S. Passport, U.S. Military ID, o iba pang balidong ID na inisyu ng isang ahensyang pang-estado o pederal.**

Idinedeklara ko nang may parusa sa pagsisinungaling sa ilalim ng batas, alinsunod sa 28 U.S.C. § 1746 na ang impormasyon na ibinigay sa Deklarasyon na ito ay batay sa personal na impormasyon ko at ito ay totoo at wasto.[6]

_________________________ _________________________________

Petsa Lagda ng Nagdeklara

**PRIVACY ACT (5 U.S.C. § 552a)**

Ang impormasyon na ibinigay sa form na ito ay protektado ng Privacy Act, 5 U.S.C 552a, na nagbabawal sa pamahalaang pederal na isiwalat ang personal na impormasyon tungkol sa isang indibidwal nang walang pahintulot ng naturang indibidwal. Binibigyang awtorisasyon ng Privacy Act ang SBA na magsagawa ng ilang karaniwang paggamit sa impormasyon na protektado ng Act (batas) ayon sa itinakda sa System of Records Notices, 69 F.R. 58598. Ang form na ito o ang impormasyon na ibinigay sa form na ito ay maaaring gawing magagamit ng mga ahensyang pederal, pang-estado, at/o lokal sa pagpapatupad ng batas na inatasan o kaya'y kaugnay sa imbestigasyon, paglilitis, pagpapatupad o pagpipigil sa mga naturang paglabag sa batas.

Alinsunod sa mga probisyon ng Privacy Act, hindi mo kailangang magbigay ng mga numero ng social security. Gayunpaman, kung hindi mo ibibigay ang impormasyon, maaaring mas mahihirapan na matulungan ka sa pagresolba sa problema mo sa pagnanakaw ng pagkakakilanlan. Paalala: Sinumang tao na may alalahanin sa pagkolekta, paggamit at pagsiwalat ng impormasyon, alinsunod sa Privacy Act ay maaaring makipag-ugnayan sa Chief, FOI/ PA Office, 409 3rd Street, SW, Suite 5900, Washington, DC 20416 o sa pamamagitan ng e-mail sa foia@sba.gov para sa impormasyon tungkol sa mga pamamaraan ng Ahensya na may-kinalaman sa Privacy Act at sa Freedom of Information Act.

PAKITANDAAN: Ayon sa Paperwork Reduction Act, hindi ka kinakailangang tumugon sa pagkolekta ng impormasyon na ito maliban kung ipinapakita nito ang isang kasalukuyang balidong OMB Control Number. Ang tinatayang gugugulin para tapusin ang form na ito, kabilang ang oras para aralin ang mga tagubilin, pagtipon ng kinakailangang data, at pagsagot at pagrepaso sa form ay 15 minuto. Dapat na ipadala ang mga komento o katanungang sa mga tinatayang gugugulin sa U.S. Small Business Administration, Director, Records Management Division, 409 3rd St., SW, Washington DC 20416, at/o sa SBA Desk Officer, Office of Management and Budget, New Executive Office Building, Rm. 10202, Washington DC 20503. **HUWAG IPAPADALA ANG MGA FORM SA MGA ADDRESS NA ITO.**

---

[1] Kung isinusumite mo ang form na ito para sa negosyo mo, sa pamamagitan ng paglagay ng tsek sa kahon na ito at paglagda sa Deklarasyon, ipinababatid mo na ikaw ay isang awtorisadong kinatawan ng negosyo o legal na may-ari ng negosyo.

[2] Sa paglagay ng tsek sa kahon na ito at paglagda sa Deklarasyon, ipinababatid mo na ikaw ay isang awtorisadong kinatawan (bilang isang magulang, tagabantay, o legal na tagabantay) para magsumite at lumagda para sa menor-de-edad.

[3] Sa paglagay ng tsek sa kahon na ito at paglagda sa Deklarasyon, ipinapabatid mo na ikaw ang naiwang asawa, personal na kinatawan na itinalaga ng Korte, Executor, o Administrador at awtorisado kang isumite at lagdaan ang Deklarasyon.

[4] Sa paglagay ng tsek sa kahon na ito at paglagda sa Deklarasyon, ipinapabatid mo na may taglay kang Power of Attorney o ang Tagabantay na Itinalaga ng Korte, o Conservator at awtorisado kang isumite at lagdaan ang Deklarasyon.

[5] Punan kung may ibang tao na bukod sa Biktima ng Pagnanakaw ng Pagkakakilanlan ang nagsusumite ng Deklarasyon.

[6] BABALA: Bilang karagdagan, ang anumang kasinungalingan o maling impormasyon sa SBA ay maaaring magresulta sa kriminal, sibil o administratibong kaparusahan kabilang ngunit hindi limitado sa: 1) mga multa at pagkakabilanggo, o pareho, alinsunod sa 15 U.S.C. 645, 18 U.S.C. 645, 18 U.S.C. 1001, 18 U.S.C. 1014, 18 U.S.C. 1040, 18 U.S.C. 3571, at anumang iba pang umiiral na batas; 2) treble damages (kung saan maaaring bayaran ng triple ang nagsasakdal) at mga multang sibil alinsunod sa False Claims Act, 31 U.S.C. 3729; 3) dobleng bayad-pinsala at mga multang sibil alinsunod sa Program Fraud Civil Remedies Act, 31 U.S.C. 3802; at 4) suspensyon at/o pagbabawal na lumahok sa lahat ng Pederal na mga transaksiyon ng pagbili o hindi pagbili. Maaaring taasan ang mga multa kung iatas ng Federal Civil Penalties Inflation Adjustment Act Improvements Act of 2015.